# Dengue case sa Quezon City bumaba

Bumaba ngayon nang 22 porsiyento ang mga kaso ng dengue sa Quezon City kumpara sa nakalipas na taon.

Ito ang nabatid kay Quezon City Mayor Joy Belmonte kasunod ng pagdedeklara ng Department of Health (DOH) ng National Epidemic sa dengue bunga na rin ng pagtaas ng bilang ng mga kaso nito sa iba't ibang bahagi ng ating bansa.

Ayon kay Belmonte, ang pagbaba ng dengue cases sa lungsod ay resulta ng maagang pagsasagawa ng mas pinaigting na hakbang ng lokal na pamahalaan para puksain ang mga lamok na nagtataglay ng nakamamatay na dengue virus.

Batay sa rekord ng QC Epidemiology and Surveillance Unit, mula January 1 hanggang July 27, 2019 nakapagtala ng 2,730 kaso ng dengue ang QC na may 21 casualties.

Mas mababa ito anya kumpara sa 3,498 cases at 26 na namatay sa kaparehong period noong 2018.

Gayunman, patuloy anya ang monitoring ng lungsod sa 10 barangay na mataas ang bilang ng nagkakasakit ng dengue partikular na sa barangays Payatas, Commonwealth, Batasan, Fairview, Kamuning, Tatalon, Pasong Tamo, Tandang Sora, Bagong Silangan at Bagbag.

Bukod sa pagtiyak na sapat ang kagamitan gaya ng rapid diagnostics test kits o NS1 sa mga health centers, inatasan na rin ni Belmonte ang city health office at mga barangay officials na paigtingin pa ang kampanya para labanan ang mosquito bome disease. *(Angie dela Cruz)*